

認識結核病的問與答-菲律賓文

Mga katanungan at sagot tungkol sa Tuberculosis

Paano nahahawa ang Tuberculosis?

Sagot : Ang pangunahin paghahatid ng tuberculosis ay sa pamamagitan ng hangin at mga droplet. Ang mga pasyenteng may nakahahawang tuberculosis ay nagpapalabas ng bakteryang nakapaloob sa kanilang mga pagtatago patungo sa hangin sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing, pakikipag-usap, pagkanta, atbp. at napasinghap ng isang malusog na tao na nagdudulot ng impeksyon. Ang tuberculosis ay hindi naililipat sa pamamagitan ng pagkain, at ang mga kagamitan sa pagkain na ginagamit ng pasyente ay hindi kailangang disimpektahin. Bilang karagdagan, ang mga pasyenteng nasuri na may "simpleng extrapulmonary tuberculosis" ay hindi nakakahawa at hindi maililipat sa iba; mula sa pananaw ng nakakahawa, ang mga pasyenteng nasuri na may "pulmonary tuberculosis" ay maaaring uriin ng nakakahawa at hindi nakakahawa. Ang nakakahawa ay tumutukoy na ang plema ay naglalaman ng bakteryang tuberculosis, na maaaring mailipat sa iba bago makainom ng gamot; ang hindi nakakahawa ay nangangahulugan na ang plema ay hindi naglalaman ng bakteryang tuberculosis at hindi maililipat sa iba.

Gumagaling ba ang Tuberculosis? Ano ang dapat bigyang-pansin sa panahon ng paggamot?

Sagot : Sa kasalukuyang, ang mga gamot sa tuberculosis ay napaka-advanced, ito ay maaaring gumaling hangga't ginagamot nang maayos. Kung nakikipagtulungan sa mga doktor at yunit sa kalusugan, regular na pag-inom ng gamot at pagpatingin sa doktor, ay maaari ring magtrabaho tulad ng dati o pumasok sa paaralan. Ang pangkalahatang panahon ng paggamot ay halos sa 6 na buwan, ngunit minsan ay kailangan pahabain ng doktor ang oras ng paggamot ayon sa kondisyon ng pasyente upang matiyak ang tagumpay ng paggamot.

Inirerekumenda na ang mga pasyente na may nakahahawang tuberculosis ay magpahinga sa bahay hangga't maaari sa unang 2 linggo ng pag-inom ng gamot na kasama ang DOTS, magsuot ng medical na grado o mas mataas na mask at iwasan ang pagpunta sa masikip na mga pampublikong lugar, at pagkatapos ng regular na pag-inom ng gamot sa loob ng 2 linggo o matapos pa-iksamen ang plema ay negatibo, maaari nang ipagpatuloy ang trabaho at magpahinga tulad ng dati.

Paano maprotektahan ang mga tao sa paligid mula sa impeksyon ng tuberculosis?

Sagot : Upang maiwasan ang paghahatid ng sakit sa mga taong nasa paligid, dapat sundin ng mga pasyente ng tuberculosis ang payo ng doktor ayon sa mga patakaran ng pag-inom ng gamot, at panatilihin ang mabuting personal na kalinisan, tulad ng pagtatakip ng bibig at ilong ng panyo o toilet paper kapag bumahin o umuubo, at dumura ng plema na nakabalot sa toilet paper. I-flush sa banyo at panatilihin ang pag-ikot ng hangin sa silid.

Ano ang DOTS Plan?

Sagot : Ang DOTS (Directly Observed Treatment, Short Course) ay naisalin bilang "DOTS". Ang layunin ay upang matiyak na ang mga pasyente ng tuberculosis ay regular na umiinom ng bawat gamot sa ilalim ng mahigpit na pangangasiwa ng mga medikal na tauhang pangkalusugan o mga bihasang tagapag-alaga ng DOTS, upang magbigay ng suporta at pangangalaga, at tumulong sa pagtatasa kung ang pasyente ay mayroong anumang kakulangan sa ginhawa o mga epekto ng gamot, para makumpleto ng pasyente ang paggamot sa iskedyul, ang pagbuo ng isang diwa na "maghatid ng



gamot, pa-inumin ng gamot bago umalis” ay upang maiwasan ang pagkalat ng bakteria na lumalaban sa gamot, pinoprotektahan din nito ang publiko, ito ang pinakamabisang paraan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.

Maaari bang manatili sa bansa para sa paggamot ang mga migranteng manggagawa na-diagnose sa sakit na tuberculosis o tuberculous pleurisy?

Sagot : Kung ang isang migranteng manggagawa ay na-diagnose na may tuberculosis o tuberculous pleurisy (maliban sa mga kaso ng paglaban sa multi-drug), ang tagapag-empleyo ay dapat na maaaring sa loob ng 15 araw mula sa susunod na araw pagkatapos matanggap ang sertipiko ng diagnosis, magsumite ng isang “Diagnosis Certificate” at “Ang Pahintulot para sa nagtatrabaho na Dayuhan na Tanggapin ang serbisyong DOTS na inayos ng yunit ng kalusugan”, at ipinapadala ito sa awtoridad ng kalusugan ng munisipalidad o county (lungsod) upang mag-aplay para sa serbisyong DOTS, at maaari nang manatili sa Taiwan para sa paggamot. Gayunpaman, kung ang migranteng manggagawa ay hindi nakikipagtulungan sa DOTS hanggang naipon sa 15 araw (kabilang) higit pa, o sa kasunod na pagsusuri ay na-diagnose na may multi-drug resistant TB, ito ay maituturing na nabigo sa pagsusuri sa kalusugan, at ang lokal na tanggapang pangkalusugan ay maglalabas ng isang liham ng pagtanggap na suriin at ipagbigay-alam sa Ministry of Labor (pagpapawalang bisa ng permiso sa trabaho) at ng National Immigration Agency of the Ministry of the Interior (para sa mga paghihigpit sa pagpasok). Kapag nakumpleto ng migranteng manggagawa ang paggamot sa serbisyong DOTS, at kinikilala ng awtoridad ng kalusugan ng munisipalidad o county (lungsod) na nakumpleto na ang paggamot, ipinalalagay na nakapasa sa pagsusuri sa kalusugan.

Kailangan bang magpa-iksamen ang mga kontak ng mga pasyente ng Tuberculosis?

Sagot : Kapag ang pasyente ay nasuri na may tuberculosis, magsasagawa ng pagtatasa ang mga tauhan ng yunit ng kalusugan, at kung ang mga sumusunod na kundisyon ay natutugunan, dapat suriin ang mga kontak:

- (1) Ang mga magpisan sa mga pasyente ng tuberculosis;
- (2) Ang mga pakikipag-ugnay sa pasyente ng tuberculosis ng 8 oras (kabilang) higit pa o naipon sa higit na 40 (kabilang) na oras sa isang araw sa nakakahawang panahon;
- (3) Ang iba pang mga taong nangangailangan ng kontak inspeksyon ay paghiwalayin ang pagpoproseso.

Paano maprotektahan ang sarili kapag nakikipag-ugnay sa mga pasyente ng tuberculosis?

Sagot : Ang kasalukuyang mga gamot na kontra-tuberculosis ay napakabisa. Hangga't nagsisimula nang uminom ng gamot ang mga pasyente, madaling mababawasan ang impeksyon. Samakatuwid, ang pinakamahusay na paraan upang maprotektahan ang sarili ay ang pag-aalaga sa pasyente kung ito ay regular na umiinom ng gamot. Kapag matagal ka nang nakikipag-ugnay sa pasyente, makipagtulungan sa yunit ng kalusugan upang magsagawa ng Chest X-ray ng pasyente at magsagawa ng latent combined infection test ayon sa infectivity ng plema ng pasyente ng tuberculosis. Kung positibo ang pagsusuri, mangyaring makipagtulungan sa yunit ng kalusugan upang ikaw rin ay magpasuri ng latent combined infection test at magpagamot upang ma protektahan ang iyong kalusugan at maiwasan ang pagsimula ng tuberculosis. Kapag walang problema ang pagsusuri at sa katunayan ang pasyente ay nagsimula nang uminom ng gamot, hindi na kailangang mag-alala ng sobra tungkol sa impeksyon. Mahalaga na panatilihin ang bentilasyon sa loob ng silid, magpatupad ng mabuting personal na kalinisan at maingat na kaugalian sa pag-ubo.

